4. Sakaling magkakaroon ng bakante dahil sa pagkamatay ó pagbibitiw ng Lider, ang kalihim, sa unang pagkakataon, ay ipagbibigay-alam ang naturang pangyayari sa Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinabibilangan ng Kapisanan ng Magkakalapit-bahay na ito; at yaon naman ay gagawa ng kailangang hakbang upang makahirang ng bagong Lider ang Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad). Hanggang hindi natatakpan ang nabanggit na bakante, ang Kalihim ay siyang tutupad ng pagka-lider, maliban na lamang kung ang Pangulo ng Kapisanang Pampook ay maglagay ng pang-samantalang lider.

IV.—MGA PULONG

1. Ang pulong ng kapisanan ay idaraos tuwing unang araw ng Linggo ng baw't buwan sa at sa bahay ng Lider sa

2. Ang di pangkaraniwang mga pulong ng kapisanan ay idaraos sa anomang panahon sa tawag ng Lider ó ng Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad) kailan man at magkakaroon ng madaliang pangangailangan. Ang mga ito'y idaraos sa bahay ng Lider, maliban lamang kung iba ang sinasabi sa paanyaya.

3. Ang pagdalo sa pulong ng mga ulo ng mag-aanak, maging sa mga pulong na karaniwan at di karaniwan, ay sapilitan.

4. Ang mga kaanib sa mga mag-aanak ay maaaring humarap sa mga pulong at makihalo sa paguusap kung ito ang kanilang nanaisin.

5. Sakaling ang mga ulo ng mag-aanak ay hindi makadalo sanhi sa di maiwasang kapansanan ó karamdaman, siya'y maaaring maglagay sa alin man sa mga kagawad ng kanyang mag-aanak na kakatawan sa kanya sa pulong. Upang huwag mawalan ng kinatawan sa mga pulong ang mga mag-aanak, ay kailangang sila'y magharap sa Kalihim ng isang kasulatang nagtatadhana ng kanilang kinatawan. At, sa unang pagkakataon, ay kailangang magharap sa Lider ng isang sinulat na pangangatwiran kung bakit hindi siya makadadalo sa pulong.

6. Ang lahat ng pulong ay pangunguluhan ng Lider, matangi lamang ang mga pulong na di pangkaraniwan na ang Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad) ang mangungulo, kung siyang nanaisin nito.

7. Ang katitikan ng baw't pulong ay isusulat ng Kalihim sa isang aklat-opisyal; lalagyan ng mga bilang at aayusing sunud-sunod sang-ayon sa mga petsa. Ang mga katitikan ay maaaring siyasatin sa anomang oras ng mga tagapagmasid at mga kinatawan ng Kawanihan ng mga Pamahalaang Bayan, kinatawang opisyal ng Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad) at ng Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinabibilangan

Association of which this neighborhood association is a member. Heads and members of families shall have access to said minutes' books only with the written permission of the Leader.

8. The Secretary shall prepare and submit copies of all proceedings within ten days after every meeting to the President of the District Association of which this neighborhood association is a member.

V. EXPENSES

1. Each head of the family shall pay an annual fee of ₱..... and the monthly due of ₱....., payable in whole or in installment. The annual fee shall be paid on or before December 31 and the due on or before the end of the month. A surcharge of per cent shall be collected for every year in arrear in the case of the annual fee and per cent for every month in arrear in the case of the monthly due. Official receipts shall be issued for each payment under the signature of the Leader. These dues, fees and surcharges together with their manner of payment shall be with the approval of the Municipal Mayor (City Mayor in city) and the funds accruing from these collections shall be immediately turned over to the President of the District Association.

2. Actual expenditures for transportation, stationeries, stamps and other necessary expenses incurred for the association shall be presented in each regular meeting for approval and forwarded to the President of the District Association for payment.

3. In case the association desires to give for purposes of relief or reward to a member which shall be paid, not from the general fund but from special collections to be made, as the circumstances may warrant, the association shall pass a measure setting for the amount and the proposed apportionment. This measure shall be submitted thru the President of the District Association of which this neighborhood association is a member, to the Municipal Mayor (City Mayor in city) for approval, and no collections shall be made until it is approved.

4. All the books and other records of the association shall be open for inspection and investigation at any time by agents and supervisors of the Bureau of Local Governments, the authorized official representatives of the Municipal Mayor (City Mayor in city) and the President of the District Association of which this neighborhood association is a member.

5. The members of the families of the association shall have access to the books and other records only with the written permission of the Leader.

VI. REWARD AND RELIEF

1. A reward not exceeding ₱50 shall be given to any member who shall perform the following meritorious acts:

ng Kapisanan ng Magkakalapit-bahay na ito. Ang nasabing aklat-katitikan ay bukas sa mga ulo at mga galamay ng mga mag-aanak, kailan ma't may nasusulat na pahintulot ang Lider.

8. Ang Kalihim ay gagawa ng mga salin ng lahat ng mga pinagusapan at sa loob ng sampung araw pagkatapos ng pulong, ay ihaharap sa Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinabibilangan ng Kapisanang Magkakalapit-bahay na ito.

V.—MGA GUGOL

1. Bawa't ulo ng mag-aanak ay magbabayad ng taunang butaw na ₱....., at ng buwanang ambag na ₱....., na babayaran ng minsanan ó hulugan. Ang taunang butaw ay babayaran sa ó bago dumating ang ika 31 ng Disyembre at ang buwanang ambag ay babayaran sa tuwing katapusan ó bago matapos ang buwan. Papatawan ng sa isang daan ang bawa't taunang butaw na hindi mabayaran at sa isang daan sa bawa't buwanang ambag na di mabayaran. Bawa't pagbabayad ay bibigyan ng katibayang opisial na may lagda ng Lider. Ang mga butaw, ambag at tubong ito pati ng kanilang pagbabayad ay nangangailangan ng pagpapatibay ng Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad) at ang matitipon sa mga singil na ito ay madaliang isusulit sa Pangulo ng Kapisanang Pampook.

2. Ang mga gugol sa mga sasakyan, papel, selyo at iba pang mga kailangang gugol para sa Kapisanan, ay ihaharap sa tuwing karaniwang pulong upang mapagtibay at maipadala sa Pangulo ng Kapisanang Pampook at nang mabayaran.

3. Sakaling ang kapisanan ay magnanais magbigay ng abuloy ó gantimpala sa isang kasapi na ang ibabayad ay hindi kukunin sa salapi ng Kapisanan kundi sa di-karaniwang ambagan, ayon sa hinihiling ng mga pangyayari, ang kapisanan ay magpapatibay ng isang kapasiyahan na nagtatakda ng halaga ng igagantimpala at ang halagang dapat iabuloy ng bawa't kasapi. Ang kapasiyahang ito ay ihaharap sa Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad) sa pamamagitan ng Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinaaniban ng Kapisanan ng Magkakalapit-bahay na ito, upang mapagtibay, at hindi makapaniningil hanggang ang pagpapatibay ng Alkalde ay hindi natatanggap.

4. Ang lahat ng mga aklat at iba pang kasulatan ng kapisanan ay bukas para sa pagsisiyasat at pagsusuri ng mga kagawad at tagasiyasat ng Kawanihan ng Pamahalaang Bayan, ng kinatawan ng Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad) at ng Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinaaniban ng Kapisanan ng Magkakalapit-bahay na ito.

5. Ang mga kagawad ng mga mag-aanak na kasapi sa kapisanan ay makapagsisiyasat sa mga aklat at iba pang mga kasulatan kung may nasusulat na pahintulot ang Lider.

VI.—GANTIMPALA AT ABULOY

1. Isang gantimpalang hindi lalampas sa ₱50.00 ang ipagkakaloob sa bawa't kasapi na makaganap ng mga kapuripuring gawaing sumusunod:

- (a) For outstanding valor in the apprehension or arrest of persons wanted by the authorities.
- (b) For acts of heroism as saving of an individual's life under perilous circumstances.
- (c) Prevention of the commission of criminal acts.
- (d) Prevention of conflagrations, epidemics and like calamities.

2. Immediately after performing any of the acts enumerated above, same must be reported by the Leader of the association to the Senior Inspector of the Constabulary, who shall conduct the necessary investigation and who shall submit the detailed report of his findings thereon together with his recommendation, through the President of the District Association, to the Municipal Mayor (City Mayor in city), for final decision.

3. A service bar shall be awarded to any member who has performed patrol duty on the day and time assigned to him for six months continuously. The awarding of service bars shall be based upon the records kept by the association.

4. The distribution of awards shall be made public and attended by appropriate ceremonies prescribed by the President of the District Associations of which this neighborhood associations is a member in the presence of the Municipal Mayor (City Mayor in city) or his authorized representative, other municipal officials and leaders of the other associations belonging to this District Association.

5. In case of death of any member of the association, a relief of not more than ₱5 shall be given for funeral expenses. In addition to this, each family head may also be requested to contribute in accordance with his financial circumstances to raise an amount which the association may deem necessary as additional relief to the family of the deceased, if the person who died is the main support of the family, with the approval of the Municipal Mayor (City Mayor in city) upon the recommendation of the President of the District Association. No collection for purposes of relief shall be undertaken by individual members of the association.

6. In case the head of a family or the one who is the main support of the family becomes ill or incapacitated and has no means of earning a living, a relief of ₱2 a week shall be given to the family until he or she has fully recovered, but in no case shall it exceed ten weeks.

7. All cases of relief shall be investigated by the Leader of the Neighborhood Association and shall be approved by the President of the District Association of which this Neighborhood Association is a member, to determine whether they are deserving cases for relief or not. The foregoing reliefs shall be borne by the Neighborhood Association to which the member or members entitled belong. Applicants for relief found not giving the true circumstances of their economic conditions shall be reported to the Senior Inspector of the Constabulary for whatever action this official may deem proper, besides losing all rights to said relief.

- (a) Sa katapangang ipinamalas sa pagdakip ó paghuli sa mga taong pinaghahanap ng mga maykapangyarihan;
- (b) Sa pagpapamalas ng kabayanihang katulad ng pagsagip sa isang taong nasa panganib ang buhay;
- (c) Sa pagpigil sa mga gawang makasalanan;
- (d) Sa pagpigil sa paglaganap ng sunog, sakit at iba pang mga kapinsalaan.

2. Pagkaganap ng mga gawang nabibilang sa unahan, ito'y dapat ipagbigay-alam ng Lider ng Kapisanan sa "Senior Inspector" ng Kostabularya, na siyang gagawa ng kailangang pagsisiyasat at magharap ng ulat ng kanyang mga nakita, kalakip ang kanyang mga tagubilin sa pamamagitan ng Pangulo ng Kapisanang Pampook, sa Alkalde Munisipal (Alkalde ng Siyudad), para sa kapasiyahang pangwakas nito.

3. Isang sagisag ng paglilingkod ang ipagkakaloob sa alin mang kasapi na makapagbabantay sa araw at oras na itinatakda sa kanya sa anim na buwang sunudsunod. Ang pagkakaloob ng sagisag nag paglilingkod ay isasaalang-alang sa mga kasulatang iniingatan ng kapisanan.

4. Ang pamamahagi ng mga gantimpala ay gagawing hayagan at ipagdadaraos ng isang wastong pagpaparangal na ihahanda ng Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinabibilangan ng samahan ng magkakalapit-bahay na sasaksihan ng Alkalde Munisipal (Alkalde ng Siyudad) ó ng kanyang kinatawan, ibang mga punong bayan at mga lider ng ibang mga kapisanang nabibilang sa Kapisanang Pampook na nagpaparangal.

5. Kung mamatay ang sino mang kasapi ng Kapisanan, ay isang abuloy na hindi lalampas sa ₱5.00 ang ipagkakaloob upang magugol sa libing. Bilang karagdagan, ay hihilingin din sa mga ulo ng mag-aanak na sila'y umabuloy ng kanilang kaya upang maparating sa halagang maipalalagay ng kapisanan na sapat na abuloy sa mag-aanak ng namatay kung ang namatay ay siyang bumubuhay sa kanila, nguni't kailangan ang pagpapatibay ng Alkalde Municipal (Alkalde ng Siyudad) na lakip ang tagubilin ng Pangulo ng Kapisanang Pampook. Hindi maaaring lumikom ng abuloy ang sinomang kasapi para sa sariling kapakinabangan lamang.

6. Kung ang ulo ng isang mag-aanak ó ang tanging bumubuhay sa kanila ay magkasakit ó mawalan ng kaya at walang anomang pinagkakakitaan, ang kanyang mga kaanak ay aabuluyan ng ₱2.00 isang linggo hanggang sa siya'y gumaling, nguni't ang pag-aabuloy na ito ay hindi maaaring lumampas ng sampung linggo.

7. Lahat ng nauukol sa abuloy, upang mapasiyahan kung karapatdapat ó hindi, ay sisiyasatin ng Lider ng Kapisanan ng Magkakalapit-bahay at pagtitibayin ng Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinaaaniban. Ang mga abuloy na nasabi ay babayaran ng kapisanang kinaaaniban sa kasaping may karapatang abuluyan. Ang mga humihingi ng abuloy na mapatunayang hindi nagsabi ng tunay nilang kabuhayan ay ipagbibigay-alam sa "Senior Inspector" ng Kostabu-

8. The Leader shall prepare the papers of all cases of relief and submit a report thereon to the President of the District Association for the proper disbursement.

VII. GUARDING AND PATROLLING

1. The guarding and patrolling of the areas designated shall be undertaken by the male members under the direct supervision and control of the Senior Inspector of the Constabulary, who shall prescribe the rules and regulations governing the details of the guard duty from time to time.

2. The Leader shall cause the rotation of duty prepared by the President of the District Association of which this Neighborhood Association is a member at a conspicuous place in a public place accessible to all the members of the association immediately upon receipt thereof.

3. Cases of exemption from this duty shall be presented to the President of the District Association whose decision on the question shall be final.

4. In case any member is unable to report for duty for reasonable grounds, he should immediately communicate said fact to the Leader, who shall provide for a substitute from among the members of his association. Report of this substitution shall be made to the President of the District Association of which this neighborhood association is a member at the earliest opportunity.

VIII. PENALTIES

1. A fine of ₱0.50 shall be imposed upon any member who fails to render patrol duty on the day and time he is assigned, unless the Leader has been notified in advance and a substitute has been provided for.

2. A fine of ₱0.20 shall be imposed upon any head of the family who fails to be present without justifiable cause at the meetings of the association.

3. A fine of ₱0.20 shall be imposed upon any member who fails to perform an assignment thru negligence or lack of interest.

Done this day of, 194.....

- | | |
|---------|----------|
| 1. | 8. |
| 2. | 9. |
| 3. | 10. |
| 4. | 11. |
| 5. | 12. |
| 6. | 13. |
| 7. | 14. |
| | 15. |

ATTEST:

.....
Leader

APPROVED:

.....
Provincial Governor
(City Mayor in city)

larya upang magawa ang anomang hakbang na ipalalagay nitong karapatdapat, tangi pa sa mawawala ang lahat ng karapatan sa nabanggit na abuloy.

8. Ihahanda ng Lider ang mga kasulatan ng mga aabuluyan at maghaharap ng isang ulat tungkol sa mga bagay na iyan sa Pangulo ng Kapisanang Pampook upang mabayaran.

VII.—PAGBABANTAY AT PAGTALIBA

1. Ang pagbabantay at pagtaliba sa mga pook ay tutuparin ng mga lalaking kasapi sa ilalim ng pamumuno at kapangyarihan ng "Senior Inspector" ng Kostabularya na siyang maglalagda ng mga tuntunin at kautusang dapat pairalin.

2. Pagkatanggap ng Lider ng talaan ng paghahali-halili ng panunungkol na ginawa ng Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinaaaniban ng Kapisanan ng Magkakalapit-bahay na ito ay kanyang ipadidikit sa isang hayag na pook na maaaring makita ng lahat ng kasapi.

3. Ang mga matatangi sa tungkuling ito ay ihaharap sa Pangulo ng Kapisanang Pampook at ang pasiya nito sa ganyang bagay ay pangwakas.

4. Sakaling ang isang kaanib ay hindi maaaring tumupad ng tungkulin dahil sa mahalagang kadahilanan, dapat siyang magpasabi agad-agad sa Lider ng ganitong pangyayari, upang malagyan siya ng kahalili na buhat din sa mga kasapi ng Kapisanan. Ang pagpapalit na ito ay ipagbibigay-alam sa Pangulo ng Kapisanang Pampook na kinaaaniban ng Kapisanang Magkakalapit-bahay na ito, sa unang pagkakataon.

VIII.—MGA KAPARUSAHAN

1. Ang kasaping magkulang sa araw at oras ng pagbabantay na inilaan sa kanya, na hindi nakapagbigay-alam sa Lider at hindi nalagyan ng kahalili, ay magmumulta ng ₱0.50.

2. Ang sinomang ulo ng mag-aanak na hindi makadalo sa pulong ng kapisanan ng walang matapat na kadahilanan, ay magmumulta ng ₱0.20.

3. Multang ₱0.20 ang iparurusa sa mga kasaping magkulang, dahil sa pagsuway ó kawalan ng malasakit, sa pagtupad ng gawaing iniatang sa kanya.

-, ika ng194.....
- | | |
|---------|----------|
| 1. | 8. |
| 2. | 9. |
| 3. | 10. |
| 4. | 11. |
| 5. | 12. |
| 6. | 13. |
| 7. | 14. |
| | 15. |

PINATUTUNAYAN:

.....
Lider

PINAGTITIBAY:

.....
Punong Lalawigan
(Alkalde ng Siyudad)

RULES AND REGULATIONS FOR DISTRICT ASSOCIATIONS

WE, the undersigned leaders of Neighborhood Associations, for and in behalf of the head of families of our respective Neighborhood Associations, hereby jointly prescribe the following rules and regulations to govern this district association to which our neighborhood associations are members, in accordance with the provisions of section 3 of Executive Order No. 77 of the Chairman of the Executive Commission:

Name of neighborhood association	Name of leader	Address of leader
1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.
9.
10.
11.
12.
13.
14.
15.

I. NAME AND AREA

The name of this association shall be DISTRICT ASSOCIATION No., and the area of its jurisdiction is as follows:

(Description of area as designated by the authorities concerned)

II. OFFICERS OF THE ASSOCIATION—THEIR DUTIES AND OBLIGATIONS

1. Besides the President of the association, who shall be designated by the Municipal Mayor (City Mayor in the cities) with the consent of the Director of the branch office of the Military Administration (sec. 6, Executive Order No. 77), there shall be chosen by the President from among the members of the association a Secretary to help him in the discharge of his duties. Said Secretary shall hold office at the pleasure of the President who appointed him and should not possess any of the disqualifications enumerated in section 6 of Executive Order No. 77.

2. The President shall perform all the duties and functions assigned to him under the provisions of Executive Order No. 77. He shall take such measures as he deems beneficial to the members of the district association. He shall be the custodian of all the funds of the association. He shall receive the collections of the neighborhood associations concerned and issue official receipts therefor under his signature. He shall keep all the books of accounts and financial statements of the association submitted by the neighborhood associations composing it. He may require the assist-

PATAKARAN AT ALITUNTUNIN NG SAMAHANG PAMPOOK

KAMING mga nakalagdang lider ng mga kapisanang Magkakapit-bahay, sa pangalan ng mga puno ng mga pamilya na kaanib sa aming mga kapisanan, ay samasamang nagpatibay ng mga sumusunod na Patakaran at Alituntunin na paiiralin sa kapisanang pampook na ito na kinaaaniban ng aming mga kapisanang magkakapit-bahay, sang-ayon sa pangkat 3 ng Kautusang Tagapangpaganap Blg. 77 ng Pangulo ng Sangguniang Tagapagpaganap:

Pangalan ng samahang magkakapit-bahay	Pangalan ng lider	Tahanan ng lider
1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.
9.
10.
11.
12.
13.
14.
15.

I.—PANGALAN AT LAWAK

Ang pangalan ng samahang ito ay Samahang Pampook Blg., at ang lawak ng kanyang nasasakupan ay ang mga sumusunod:

(Ang lawak na itinadhana ng mga kinauukulang maykang pangyarihan ay kalakip nito)

II.—PAMUNUAN NG SAMAHAN—ANG KANILANG MGA TUNGKULIN AT PANANAGUTAN

1. Ang pangulo ng samahan na hinirang ng Alkalde ay pipili sa mga kaanib ng kapisanan ng isang kalihim na makakatulong sa pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin. Ang ikapamamalagi ng nabanggit na kalihim sa kanyang tungkulin ay na sa kapasiyahan ng pangulo na naglagay sa kanya. Ang sino mang saklaw ng Tuntuning Blg. 6 ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 77 na nauukol sa mga taong hindi nababagay na atangan ng tungkulin ay hindi maaaring maging kalihim.

2. Ang pangulo ay tutupad ng lahat ng tungkulin at gawain na iniukol sa kanya ng mga tadhana ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 77. Gagawin niya ang mga nararapat na hakbang na sa kanyang akala ay makabubuti sa mga kasapi ng samahang pampook. Siya ang magiingat ng salapi ng samahan. Siya ang tatanggap ng mga malilikom sa mga samahang magkakapit-bahay at magbibigay ng mga katibayan ng tinatangap niyang salapi sa ilalim ng kanyang lagda. Siya'y magiingat ng mga aklat-gugulin at mga talaan ng pananalapi ng samahan na ibinigay ng mga sa-

ance of the Secretary in the preparation of the budget and financial statements required in the Executive Order No. 77.

3. The Secretary shall be the custodian of the minutes-books, property and records of the association; shall take down the minutes of the meetings and perform such other clerical work as may be required by the President. The keeping of the census records and changes therein shall be specially assigned to the Secretary. He shall also accompany the President in the surveys to be conducted by him.

4. In case of a vacancy created due to death or resignation of the President, the Secretary shall at the first opportunity communicate such fact to the Municipal Mayor (City Mayor in the cities). Until said vacancy is filled, the Secretary shall act as President.

III. MEETINGS

1. The meeting of the association shall be held on the last Sunday of every month at
at the house of the President at

2. The special meetings of the association shall be held at any time upon call of the President or of the Municipal Mayor (City Mayor in the cities) whenever there is an urgent necessity for them. They shall be held at the house of the President, unless otherwise indicated in the call.

3. Attendance of all leaders shall be obligatory in all meetings.

4. Members of the families may be present in the meetings and take part in the deliberation if they so desire.

5. In case of unavoidable absence or illness of the leaders, he or she may designate any head of the family in his or her neighborhood association in the meetings. To avoid the nonrepresentation of neighborhood associations in the meetings, there shall be standing written designation filed with the Secretary. The absent leader shall at the first opportunity submit his reasons for being absent in writing to the President of the association.

6. All meetings shall be presided by the President except in the case of special meetings when the Municipal Mayor (City Mayor in the cities) may preside at his discretion.

7. The minutes of each meeting shall be taken and noted down in an official minutes book by the Secretary. They shall be numbered and arranged chronologically according to dates. The minutes shall be subject to examination at any time by supervisors and agents of the Bureau of Local Governments and the authorized representatives of the Municipal Mayor (City Mayor in the cities). Heads and members of families shall have access to said minutes books only with the written permission of the President.

8. All measures adopted and passed in the meetings shall require the vote of the majority of all the leaders, each leader being entitled to vote only once.

mahang magkakapit-bahay na nagsisibuo nito. Mahihingi niya ang tulong ng kalihim sa paghahanda ng gugulin at ng ulat sa pananalapi na hinihingi ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 77.

3. Ang kalihim ay siyang magiingat ng mga aklat-katitikan, pagaari at mga kasulatan ng kapisanan; siya ang susulat ng mga pinaguusapan sa mga pulong at gaganap ng gawain ng tagasulat na hihilingin sa kanya ng Pangulo. Ang pagiingat ng mga senso at ng mga pagbabago nito ay sadyang nauukol sa kalihim. Sasamahan din niya ang pangulo sa gagawin nitong mga pagsisiyasat.

4. Sakaling magkaroon ng bakante dahil sa pagkamatay o pagbibitiw ng pangulo ay magpapatalastas ang kalihim sa lalong madaling panahon ng ganitong pangyayari sa Alkalde. Ang kalihim ay siyang manunuparan ng tungkuling pagkapangulo hanggang hindi nalalagyan ang nabanggit na bakante.

III.—MGA PULONG

1. Ang pulong ng samahan ay idaraos sa huling Linggo ng bawat buwan sa bahay ng pangulo.

2. Ang mga di karaniwang pulong ng samahan ay idaraos sa anomang oras sa tawag ng pangulo o kaya'y ng Alkalde, kailan man at may mahigpit na pangangailangan. Ito'y idaraos sa bahay ng pangulo maliban lamang kung iba ang sinasabi sa paanyaya.

3. Ang pagdalo sa mga pulong ng lahat ng lider ay sapilitan.

4. Kung nanaisin ng mga kagawad ng pamilya, ay makadadalo sila sa mga pulong at maaari silang makilahok sa usapan.

5. Sakaling dahil sa karamdaman o kadahilanang hindi maiwasan ay hindi makadalo ang lider, maaari siyang humirang alin man sa mga puno ng pamilya ng kanyang samahan ng magkakapit-bahay upang dumalo sa pulong. Upang huwag mawalan ang anomang samahan ng magkakapit-bahay ng kinatawan sa mga pulong, ay kailangang magbigay ang mga lider sa kalihim ng nasusulat na palagiang kapahintulutan sa kanikanilang kinatawan. Sa unang pagkakataon, ang lider na di nakadalo sa pulong ay dapat magharap sa pangulo ng kapisanan ng nasusulat na mga katwiran kung bakit hindi siya nakadalo.

6. Ang lahat ng pulong ay pangunguluhan ng pangulo matangi lamang ang mga di karaniwang pulong na nais panguluhan ng Alkalde.

7. Ang mga katitikan ng bawat pulong ay itatala at isusulat ng kalihim sa aklat-katitikan ng kapisanan at lalagyan ng mga bilang at aayusin ng sunudsunod sang-ayon sa mga araw. Ang mga katitikan ay maaaring masiyasat anomang oras ng mga tagapagmasid at mga kinatawan ng Kawanihan ng mga Pamahalaang Bayan at ng mga kinatawan ng Alkalde. Ang mga puno at mga kagawad ng mga pamilya ay makatitingin sa nabanggit na mga aklat-katitikan kung may nasusulat na pahintulot ang pangulo.

8. Ang lahat ng mga kapasiyahan, bago ipalagay na pinagtibay sa pulong, ay kailangang pagtibayin ng nakararami sa mga lider. Ang bawat lider ay minsan lamang makaboboto.

9. The President shall prepare and submit copies of the proceedings of such meetings to the Municipal Mayor (City Mayor in the cities) within ten days after such meetings, together with a brief summary of the principal and important matters from the different minutes of the last meeting of the neighborhood association composing it.

IV. EXPENSES

1. The dues, fees and fines collected from the different neighborhood associations shall constitute a general fund from which all authorized expenditures of the association shall be drawn. In case of deficit the President shall propose the additional apportionment to be collected from the neighborhood associations, which must first be approved by the Municipal Mayor (City Mayor in the cities).

2. All the books and other records of the association shall be open for inspection and investigation at any time by the agents and supervisors of the Bureau of Local Governments and the authorized representatives of the Municipal Mayor (City Mayor in the cities). The members of the families shall have access to the books and other records only with the written permission of the President.

3. All disbursements shall be on official receipts under the signature of the President. Stubs of used official receipts shall be turned over to the Municipal Mayor (City Mayor in the cities) for examination and auditing purposes. The President of the District Association shall submit a monthly report of the financial standing of the association to the Municipal Mayor (City Mayor in the cities).

V. REWARD AND RELIEF

1. *Diplomas of commendation.*

A diploma of commendation shall be awarded to the leader of a neighborhood association who, during the term of his office, has never been fined, never been found negligent in the performance of his duties, and has promoted the social, economic and moral well-being of his members. The Municipal Mayor (City Mayor in the cities) upon recommendation of the President of the District Association shall determine who shall be given this award.

2. *Pins.*

A pin of distinction together with a diploma of commendation shall be awarded to the President of a District Association who, during the term of his office, has never been fined, never been found negligent in the performance of his duties, and has promoted the social, economic and moral well-being of his members. The Municipal Mayor (City Mayor in the cities) shall determine who shall be given the foregoing award.

9. Ang pangulo ay maghahanda ng mga salin ng mga napagusapan sa mga puḷong at ito'y ihaharap sa Alkalde sa loob ng sampung araw pagkatapos ng nabanggit na mga pulong, kalakip ang isang maikling kabuuan ng mga pangunahin at mahalagang bagay na kuha sa ibat-ibang mga katitikan ng huling pulong ng mga samahang magkakapit-bahay na bumubuo nito.

IV.—MGA GUGOL

1. Ang malilikom na mga butaw, ambag at multa sa ibat-ibang samahan ng magkakapit-bahay ay siyang magiging "salaping-panglahat," na siyang-pagkukunan ng lahat na pinahintulutang gugulin ng samahan. Sakaling ito'y kulangin, ang pangulo ay magmumungkahi ng karagdagang halaga na manggagaling sa mga samahan ng magkakapit-bahay. Ito, bago pairalin, ay dapat munang pagtibayin ng Alkalde.

2. Ang lahat ng mga aklat at ibang mga kasulatan ng samahan, ay nakahanda sa lahat ng oras sa pagsusuri at pagsisiyasat ng mga kinatawan at tagapagsuri ng Kawanihan ng mga Pamahalaang Bayan at ng kinatawan ng Alkalde. Ang mga kagawad ng mga pamilya ay makatitingin lamang sa mga aklat at iba pang kasulatan kung may nasusulat na pahintulot ang pangulo.

3. Ang lahat ng pagbabayad ay gagawin na may kasamang katibayang opisyal na may lagda ng pangulo. Ang mga "talonario" ng mga gamit na katibayang opisyal ay ipadadala sa Alkalde upang malining at masuri ng auditor. Ang pangulo ng samahang pampook ay maghaharap buwan-buwan sa Alkalde ng ulat tungkol sa kalagayan ng pananalapi ng samahan.

V.—GANTIMPALA AT ABULOY

1. *Mga diploma ng pagpapapuri.*

Isang diploma ng pagpapapuri ang ipagkakaloob sa lider ng samahan ng magkakapit-bahay na sa loob ng panahon ng kanyang panunungkulan ay hindi namultahan, hindi kailan man nakitang nagkulang sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin, at nakapagpaunlad ng pamumuhay, paguugali at pakikipagkapuwa ng mga kasapi. Sa tagubilin ng pangulo ng samahang pampook, ang Alkalde ay siyang pipili kung sino sa mga lider ang pagkakalooban ng gantimpalang ito.

2. *Sagisag.*

Isang sagisag ng katangian, kasama ang diploma ng pagpapapuri, ang ipagkakaloob sa pangulo ng isang samahang pampook na sa loob ng panahon ng kanyang panunungkulan ay hindi namultahan, hindi kailan man nagkulang sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin, at nakapagpaunlad ng pamumuhay, paguugali at pakikipagkapuwa ng mga kasapi. Ang Alkalde ang siyang pipili kung sino ang pagkakalooban ng gantimpalang ito.

3. *Manner of distribution.*

The distribution of awards shall be made public and attended by appropriate ceremonies in the presence of the Municipal Mayor (City Mayor in the cities) or his authorized representative, other municipal officials, presidents of district associations and leaders of neighborhood associations.

4. *Relief.*

The President of the District Association shall approve all requests for relief presented by any leader of a neighborhood association. It shall be his duty to conduct the necessary investigation to determine as to whether they are deserving cases for relief or not. All applicants for relief found not giving the true circumstances of their economic conditions shall be reported to the Senior Inspector of the Constabulary for whatever action this official may deem proper, besides losing all rights to said relief. The President of the District Association shall record all cases of relief and submit his report to the Municipal Mayor (City Mayor in the cities).

VI. GUARDING AND PATROLLING

1. The President shall establish a table of rotation of duty in patrolling the areas under the jurisdiction of the association to be undertaken by the male members. He shall furnish each Leader under him with a copy of said table one week in advance of the earliest date included therein. (Said time table must conform with the rules and regulations to be prescribed by the Senior Inspector of the Constabulary from time to time as regards the details of the guard duty.)

2. Cases of exemption from this duty shall be presented before the association in its regular meetings for deliberation. Grounds of exemption shall be limited to:

- (a) Old age.
- (b) Physical incapacity as blindness, lameness, etc.
- (c) Poor health and sickness as certified by the Health Officer of the municipality.

3. In case the members assigned do not report for duty and no substitute has been provided for, the President shall, without delay, cause the Leader of the association to which the delinquent member belongs to provide a substitute if the member cannot be found, and to submit a written report of said non-compliance together with an explanation of why he should not be considered negligent in the performance of his duties.

3. *Paraan ng pamamahagi.*

Ang pamamahagi ng mga gantimpala ay ihahayag sa madla at ipagdaraos ng karapatdapat na pagpaparangal na dadaluhan ng Alkalde o ng kanyang kinatawan, ng ibang mga punong bayan, mga pangulo ng mga samahang pampook at mga lider ng mga samahang magkakapit-bahay.

4. *Abuloy.*

Ipahahatid ng pangulo ng samahang pampook sa Alkalde ang lahat ng kahilingan sa abuloy na ihaharap ng sinomang lider ng samahang magkakapit-bahay. Tungkulin niya na gumawa ng kinakailangang pagsisiyasat upang alamin kung ang mga yao'y karapatdapat abuluyan o hindi. Ang lahat ng humihingi ng abuloy na nahuling di nagtapat ng kanilang tunay na kalagayan sa pamumuhay ay ipagbibigay-alam sa "Senior Inspector" ng Kostabularya upang magawa ng pinunong ito ang anomang kanyang mamarapatin, at bukod dito'y sila'y aalisan pa rin ng lahat ng karapatan sa nabanggit na abuloy. Itatala ng pangulo ng samahang pampook ang lahat ng natutungkol sa abuloy at maghaharap ng ulat sa Alkalde ukol sa bagay na ito.

VI.—PAGBABANTAY AT PAGTALIBA

1. Gagawa ang pangulo ng isang tala ng paghahahalili (time-table) sa pagbabantay sa mga pook na nasa ilalim ng kapangyarihan ng samahan. Ang tungkuling pagbabantay ay gagampanan ng mga kasaping lalaki. Bibigyan niya ang bawa't lider na nasa kanyang pamamahala ng isang salin ng nabanggit na "time-table," isang linggo bago dumating ang kauna-unahang araw ng pagbabantay. (Ang nabanggit na "time-table" ay dapat mabatay sa mga alituntunin at kautusan na ilalagda ng "Senior Inspector" ng Kostabularya na nauukol sa paglalagay ng tanod).

2. Ang mga pangalan ng mga taong malalabas sa pagtupad sa tungkuling ito ay ihaharap sa karaniwang pulong ng samahan upang mapagusapan. Ang maaari lamang hindi patuparin ay ang nagtataglay ng mga sumusunod:

- (a) Katandaan.
- (b) Kawalan ng kaya ng katawan katulad ng bulag, pilay, at iba pa.
- (c) Kahinaan ng pangangatawan at sakit na patitibayan ng puno ng sanidad ng Siyudad.

3. Sakaling ang kasaping naatasan ay hindi humarap upang manungkulan at hindi nalagyan ng makahalili, ang pangulo, karakaraka, ay maguutos sa lider ng samahang kinabibilangan ng nagkasalang kasapi na maglagay ng makakahalili kung ang nasabing kasapi ay hindi makita, at tuloy magharap ng ulat tungkol sa nabanggit na di pagtupad ng kasapi kalakip ang isang paliwanag kung bakit hindi siya maipalagay na nagkulang sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin.

VII. PENALTIES

1. A fine of ₱1 shall be imposed upon any neighborhood association which fails to render patrol and guard duty for three consecutive times in a given month, unless said failure is found justified.

2. A fine of ₱0.50 shall be imposed upon any Leader who fails to be present, without justifiable cause, at the meetings of the association.

3. A fine of ₱0.20 shall be imposed upon the Leader who fails to perform assignment through negligence or lack of interest.

Done this day of, 194.....

- | | |
|----------|----------|
| 1. | 8. |
| 2. | 9. |
| 3. | 10. |
| 4. | 11. |
| 5. | 12. |
| 6. | 13. |
| 7. | 14. |
| 15. | |

ATTEST:

.....
President of the District Association

APPROVED:

.....
*Provincial Governor
(City Mayor in the cities)*

VII.—MGA PARUSA

1. Multang ₱1.00 ang ipapataw sa samahang magkakapit-bahay na makaitlong nagkulang sa loob ng isang buwan sa pagbabantay at pagtaliba, maliban lamang, kung ang nabanggit na pagkukulang ay mapatunayang may matapat na kadahilanan.

2. Multang ₱1.00 ang ipapataw sa lider na hindi makadalo sa mga pulong ng kapisanan ng walang matapat na kadahilanan.

3. Multang ₱1.00 ang ipapataw sa lider na hindi tumupad ng mga tungkuling iniatang sa kanya dahil sa kapabayaan o kawalan ng pagmamalasakit.

Ginawa ngayong ika ng, 194.....

- | | |
|----------|----------|
| 1. | 8. |
| 2. | 9. |
| 3. | 10. |
| 4. | 11. |
| 5. | 12. |
| 6. | 13. |
| 7. | 14. |
| 15. | |

PINATUTUNAYAN:

.....
Pangulo ng Samahang Pampook

PINAGTITIBAY:

.....
*Punong Lalawigan
(Alkalde ng Siyudad)*